

PATALASTAS

SA : LAHAT NG PINUNO NG MGA INSTITUSYONG KONSTITUSYONAL, MGA KAGAWARAN AT AHENSIYA SA PAMAHALAANG PAMBANSA AT LOKAL, MGA KORPORASYONG PAG-AARI AT KONTROLADO NG PAMAHALAAN, AT PAMAHALAANG PAMANTASAN AT KOLEHIYO

PAKSA : Pambansang Kongreso sa Salin

Kaugnay ng taunang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa alinsunod sa Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997, ay ang pagdaraos ng Komisyon sa Wikang Filipino sa pamamagitan ng Sangay ng Salin at sa pakikipagtulungan ng University of the Philippines-Visayas at sa tangkilik ng National Commission for Culture and the Arts ng isang **Pambansang Kongreso sa Salin** na may temang **“Ang Pagsasalin Bilang Pambansang Pangangailangan”**. Gaganapin ito sa Agosto 7-9, 2014 sa University of the Philippines-Visayas, Lungsod Iloilo.

Pangunahin sa layunin ng kongreso ang matipon ang mga praktisyoner, mga tagasalin at lahat ng sumusuporta sa gawaing pagsasalin upang talakayin ang kahalagahan at pangangailangan ng pagsasalin sa bansa. Ang iba pang layunin ay ang sumusunod:

- a. magkaroon ng kamalayang panlipunan sa kahalagahan ng pagsasalin;
- b. malaman ang kahalagahan ng pagsasalin sa iba't ibang larang ng lipunan: sa pamahalaan, sa negosyo, sa edukasyon, mass media, at sa agham at teknolohiya; at
- c. higit pang mapataas ang antas ng pagsasalin.

Ang lahat ng kinauukulang kawani ng gobyerno ay hinihikayat na dumalo sa nasabing pagtitipon.

May kaukulang butaw na Tatlong Libong Piso (Php3,000.00) para sa rehistrasyon, seminar kit, sertipiko at pagkain (3 tanghalian, 6 snacks).

Para sa karagdagang detalye at/o iba pang katanungan, maaaring tumawag o makipag-ugnayan kay Sydna Lozada ng UP-Visayas sa 092179421295 o kay Dr. Miriam P. Cabila ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) sa telepono blg. (02) 736-2525 lokal 107 o sa mobile phone blg. 09298765856, o sa email address: miriam.cabila@yahoo.com.


FRANCISCO T. DUQUE III, MD, MSc
Tagapangulo

PAMBANSANG KONGRESO SA SALIN
University of the Philippines-Visayas, Lungsod Iloilo
7-9 Agosto 2014

Programa

Unang Araw – 7 Agosto 2014

8:00 - 9:00 n.u.	PAGPAPATALA
9:00 - 10:30 n.u.	PAMBUKAS NA PALATUNTUNAN <ul style="list-style-type: none">• Pambansang Awit ng Pilipinas• Pambungad na Pananalita• Bating Pagtanggap• Natatanging Bilang• Mensahe• Pagpapakilala sa Panauhing Pandangal• Panauhing Pandangal• Oryentasyon
10:30 - 10:45 n.u.	MERYENDA
10:45 - 12:00 n.u.	PANAYAM 1: Pagsasalin Bilang Pambansang Pangangailangan sa Edukasyong Kaugnay ng Programang MTB-MLE Malayang Talakayan
12:00 - 1:00n.h.	PANANGHALIAN
1:00 - 2:15n.h.	PANAYAM 2: Pagsasalin Bilang Pangangailangan sa Pamahalaan Malayang Talakayan
2:15 - 3:30 n.h.	PANAYAM 3 Pagsasalin Bilang Gamit sa Kalusugan Malayang Talakayan
3:30 - 3:45n.h.	MERYENDA
3:45 - 5:00n.h.	PANAYAM 4 Kahalagahan ng Pagsasalin sa Negosasyong Pangkapayapaan Malayang Talakayan

Ikalawang araw - 8 Agosto 2014

8:00 - 8:30n.u.	BALIK-TANAW (Recap) sa mga naganap sa unang araw
8:30 - 10:00n.u.	PANAYAM 5: Kahalagahan ng Pagsasalin sa Agham at Teknolohiya Malayang Talakayan
10:00 - 10:15n.u.	MERYENDA
10:15 - 12:00n.u.	PANAYAM 6: Ang Pagsasalin ng mga Impormasyon Hinggil sa Panahon at Kaugnay na Paksa Malayang Talakayan
12:00 - 1:00n.h.	PANANGHALIAN
1:00 - 1:30n.h.	Pamukaw-sigla
1:30 - 3:00n.h.	PANAYAM 6: Pagsasalin Bilang Pangangailangan sa Relihiyon Malayang Talakayan
3:00 - 3:15n.h.	Meryenda
3:15 - 5:00n.h.	PANAYAM 8: Pagsasalin Bilang Pangangailangan sa Negosyo Malayang Talakayan

Ikatlong Araw – 9 Marso 2014

8:00 - 10:00n.u.	Pagbubuod ng tatlong araw na kongreso, paghahanda at pagpapapirma ng mga resolusyon
10:00 - 10:15n.u.	MERYENDA
10:15 - 12:00n.t.	PAMPINID NA PALATUNTUNAN <ul style="list-style-type: none">• Ebalwasyon at impresyon• Sintesis• Pagkakaloob ng Sertipiko
12:00 - 1:00 n.h.	PANANGHALIAN
1:00 n.h.	LAKBAY-ARAL